Sentro ng Aplikasyon ng NJEDA

Paunang-Pagrerehistro sa Bagong COVID Grant 3

Impormasyon ng Kontak

Pangalan

Apelyido

Titulo

Numero ng Telepono

Website

Ikaw ba ay awtorisadong tagalagda para sa entidad ng negosyo?

Ligal na Rehistradong Pangalan ng Negosyo

Nagnenegosyo Bilang (Doing Business As, DBA)

Address ng Negosyo

Address ng Daan

Address ng Daan 2

NJ Zip Code

NJ City

Estado

County

Ito ba ay lugar na pang-komersyo?

Ito ba ay entidad na home-based na negosyo?

Mga Detalye ng Organisasyon

Petsa na Itinatag at Nagpapatakbo ang Negosyo

Format ng petsa/oras “B/A/TTTT”

Ang iyong negosyo ba ay tumatakbo pa hanggang sa NGAYONG ARAW?

Ano ang Istruktura sa Pagmamay-ari ng negosyo?

Mangyaring ilista ang lahat ng mga may-ari na may 10% o mas mahigit na bahagi ng pagmamay-ari. (Kapag non-profit, mangyaring ilista ang iyong Lupon ng Mga Direktor)

Mangyaring patunayan na ang iyong negosyo ay maayos at buong rehistrado sa loob ng Estado ng New Jersey o ikaw ay nasa proseso na magiging maayos at buong rehistrado sa loob ng Estado ng New Jersey. Kapag ang iyong negosyo ay hindi maayos at buong rehistrado kailangan ng NJEDA ang pagbabayad-muli ng iyong buong Grant Proceeds, kapag maaapruhan.

1. Para matukoy mangyaring puntahan ang https://www1.state.nj.us/TYTR_BRC/jsp/BRCLoginJsp.jsp.

2. Ipasok ang FEIN (Federal Employer Identification Number, FEIN) o SSN at Pangalan ng iyong negosyo: kapag ang Sertipiko ng Pagrerehistro ng Negosyo ay nakuha, ikaw ay maayos na nakarehistro. Kung hindi, mangyari sundin ang mga tagubilin sa pahina.

Numero ng Pagkakakilanlan ng Maypagawa (Employer Identification Number, EIN)

Nagpa-file ba ng mga buwis ang iyong negosyo sa ilalim ng Schedule C o E, kung ganun mangyaring magbigay ng Social Security ng negosyo.

Nagpa-file ba ng WR-30 sa New Jersey ang iyong negosyo sa Kagawaran ng Trabaho at Pag-uunlad sa Pwersang-trabaho ng New Jersey (NJLWD)?

Gumamit ba ang iyong negosyo ng Professional Employment Organization sa WR-30 sa Kagawaran ng Trabaho at Pag-uunlad sa Pwersang-trabaho ng New Jersey?

Bilang ng Full-Time na Mga Empleyado ayon sa iniulat sa pag-file ng iyong Q1 2020 o Q2 2020 WR-30 (mangyaring gamitin ang pinakabago ng Q1 2020 o Q2 2020)

ng Part-Time na W2 Mga Empleyado na nakalista sa iyong WR-30

Bilang ng 1099 na Mga Empleyado na Full-Time

Bilang ng 1099 na Mga Empleyado na Part-Time

Kabuuan ng 2019 na Taunang Revenue

Mangyaring piliin ang anumang tax return ng negosyo na iyong nai-file sa Estado ng New Jersey

2018
2019
Wala

Mga Pagtatalaga

Pagmamay-ari ng Minoridad
Pagmamay-ari ng Babae
Pagmamay-ari ng Beterano

Pagmamay-ari ng May Kapansanan
Hindi Ko Nais na Magpapakilala

Kategorya ng Negosyo

Code ng NAICS

Aling Programa ng Bahagi 3 ang tumutukoy ng pinakamabuti sa iyong negosyo?

1. Restawran (Mga Serbisyong Pagkain at mga Lugar na Inuman): Ang Code ng NAICS ay dapat magsimula sa 722
2. Micro-Negosyo: 5 o mababa sa Full-Time na Katumbas na W2 na mga empleyado o anumang entidad na hindi nagpa-file ng NJ-WR30
3 Maliliit na Negosyo: Higit sa 5 Full-Time na Katumbas sa W2 na mga employado

Sa nakaraang 6 na mga sangkapat (ika-1 Sangkapat 2019 - ika-2 Sangkapat 2020), aling sangkapat na nagkaroon ng pinakamataas na mga trabahante ang iyong negosyo?

Sa pinakamataas na sangkapat, ayon sa iyong sagot sa itaas, nag-file ba ang iyong negosyo ng NJ-WR30 sa Kagawaran ng Trabaho at Pag-uunlad sa Pwersang-trabaho ng New Jersey?

Sa pinakamataas na sangkapat, ayon sa iyong sagot sa itaas, ilang Full-Time W2 na Mga Empleyado ang naitala?

Mga Detalye ng Negosyo

Ang entidad ba ay nag-host ng pagsusugal o mga aktibidad na paglalaro (pagbebenta ng mga tiket sa loteriya o kaparehong mga aktibidad ay hindi isinaalang-alang na pagsusugal at paglalaro)?

Ang entidad ba ay nagsasagawa o nagrarasyon ng mga aktibidad ng “adulto”, mga serbisyo, mga produkto o mga materyales.

Nagsasagawa ba ang entidad ng mga pagsubasta, pagbebenta ng pagkabangkarota, mga pagbebenta sa nasunog, “lost-our-lease”, "going-out-of-business", o kaparehong mga pagbebenta?

Ang entidad ba ay isang pansamantalang negosyante (“mangangalakal,” “popup store,” o “naglalakbay na nagtitinda”)?

Ang entidad ba ay isang panlabas na imbakang kompanya?

Nagsasagawa ba ang entidad ng anumang mga aktibidad na maaaring bumubuo ng istorbo?

Nagsasagawa ba ang entidad ng negosyo ng anumang mga layunin na labag sa batas?

Elektronikong Lagda

Pinahihintulutan ko ang EDA na ibigay ang isinumiteng impormasyon dito ng o sa ngalan ng aplikante sa alinmang bangko o ahensya ng Estado na maaaring lumahok sa hiniling na kaloob sa EDA.

Naiiintindihan ko kung ang ganoong impormasyon ay sadyang mali, ako ay mapapailalim sa kriminal na pag-uusig sa ilalim ng N.J.S.A. 2C:28-2 at sibil na aksyon sa pamamagitan ng EDA na kung saan ay maaaring sa kanyang pagpipili ay tatapusin ang kanyang tulong pinansyal.

Alinsunod sa nakasulat na patakaran, ang New Jersey Economic Development Authority ay nagpapahintulot ng mga dokumento na maaaring lagdaan sa elektroniko at sa pamamagitan nito ay sumasang-ayon na mabuklod ng naturang mga elektronikong lagda. Mangyaring patunayan na ikaw, bilang pumirma sa dokumentong ito, ay sumasang-ayon din na mabuklod sa mga elektronikong lagda.

Sumasang-ayon ako na mabuklod sa mga elektronikong lagda.

Ako ay Awtorisadong Tagalagda para sa organisasyon na ito at tanggap ko ang mga tuntunin at mga kundisyon.

Buong Pangalan

Email Address
Ang EDA ay magpapahayag ng mga pag-update, katayuan at Mga Kasunduan tungkol sa iyong paunang pagpaparehistro at aplikasyon sa nakarehistrong email address sa itaas. Mangyaring patuloy na susuriin ang lahat ng inyong mga folder ng email (spam, junk, atbp.) para sa mga komunikasyon na ito.

Mga Madalas Itanong Hinggil sa Yugto 3 ng Gawad

1. Mayroon bang tulong sa wika?
   - Ang NJEDA ay nagkakaloob ng online na patiunang pagpaparehistro at aplikasyon sa Ingles at Espanyol.
     - Maghahandog ang NJEDA sa mga aplikante ng access sa mga serbisyo sa pagsasalin sa wika upang suportahan ang mga nagsasalita ng sampung karagdagang wika –Arabe, Tsino (Mandarin at Cantonese), Gujarati, Hindi, Italyano, Koreano, Polish, Portuges, at Tagalog. Ang mga isinaling bersyon ng wika sa aplikasyon ay makukuha bago ang pagbubukas.
     - Maaaring makipag-ugnay ang mga aplikante sa languagehelp@njeda.com upang makatanggap ng tawag sa loob ng isang araw ng tanggapan mula sa kinatawang maaaring makipag-usap sa kanila sa pangunahin nilang wika

2. Ano ang mga iniaatas sa pagiging karapat-dapat para sa Programa?

Upang maging karapat-dapat para sa Yugto 3 ng Programang Gawad na Tulong Pang-emerhensya sa Maliit na Negosyo, ang entidad na nag-a-apply ay dapat:

- Umiiral ang negosyo at pinapatakbo noong Pebrero 15, 2020
- Nakapagparehistro nang ganap at wasto upang magnegosyo sa New Jersey Department of Treasury, Division of Revenue and Enterprise Services (Kagawaran ng Pananalapi ng New Jersey, Dibisyon sa mga Serbisyo sa Kita at Negosyo) na pinatutunayan sa pamamagitan ng balidong Sertipiko ng pagpaparehistro ng Negosyo. Maaaring beripikahin ng mga entidad ang kanilang mga pagkarehistro rito : https://www1.state.nj.us/TYTR_BRC/jsp/BRCLoginJsp.jsp
- Magkaroon ng mabuting katayuan sa Department of Labor and Workforce Development (NJLWD, Kagawaran ng Paggawa at Pagpapaunlad ng Puwersa ng Paggawa).
- Magkaroon ng hindi hihigit sa 50 Full Time Equivalent (FTE, Katumbas na Nagtatrabaho nang Buong Oras) sa pag-file ng Q1 2020 o Q2 2020 WR-30 ng mga negosyo (gagamitin ang kung alin sa dalawa ang mas kasalukuyang nai-file). Ang kahulugan ng FTE ng NJEDA ay nakadetalye sa susunod na katanungan.
- Magkaroon ng pisikal na lokasyon sa Estado ng New Jersey (hal., isang opisina, pisikal na lugar na pinagbebentahan, isang bodega, pasilidad para sa pagmamanupaktura, atbp.). Pagdating sa mga negosyong nakabase sa tirahan, ang tirahan ay dapat matagpuan sa New Jersey.
- Patunayan sa NJEDA ang intensyon nitong magsumikap nang husto na huwag i-furlough (pansamantalang patigilin sa trabaho) o tanggilin sa trabaho ang sinumang manggagawa mula sa panahon ng aplikasyon hanggang anim na buwan pagkatapos ng katapusan ng idineklarang state of emergency (katayuan ng kagipitan). Kung nag-furlough o nagtanggal na ng mga manggagawa ang negosyo sa panahon ng aplikasyon, higit na magsumikap na mangakong muling tatanggapin ang mga nai-furlough o tinanggal sa trabahong manggagawa sa lalong madaling panahon.
- Patunayan sa NJEDA na nakaranas ang entidad ng negatibong epekto mula sa idineklarang state of emergency na dulot ng COVID-19 (hal., pansamantalang nagsara, inatasang bawasan ang oras, nagkaroon ng hindi bababa sa 20% pagbaba sa kita, labis na naapektuhan ng mga empleyadong hindi makapasok sa trabaho dahil sa pagkalat ng sakit, o labis na nagambala ang supply chain at samakatwid ay naantala ang produksyon sa antas ng kumpanya.
- Patunayan sa NJEDA na ang kumpanya ay may malaking pinansyal na pangangailangan bilang resulta ng COVID-19 na hindi malalampasan nang walang gawad (hal., walang malaking reserba ng pera na makakasuporta sa SME (maliliit at katamtamang laking negosyo) sa panahong ito ng paggambala sa kabuhayan).
- Hindi aktibong inialis o pinagbabawalan ng Estado ng New Jersey o Pederal na Pamahalaan

3. Ano ang isang empleyadong Full-Time Equivalent (FTE)
   - Ang isang empleyadong FTE ay hindi dapat ipagkamali sa, at ito ay hiwalay sa patnubay ng Estado pagdating sa empleyadong full time. Kuwalipikado man o hindi ang isang empleyado bilang isang FTE ay nakadepende sa bilang ng linggong tinatrabaho at sa mga sahod na natatanggap. Ang tagatantiya ng gawad ng NJEDA online ay maaaring makatulong sa iyong malaman ang bilang ng mga FTE sa iyong negosyo. Para sa mga layunin ng programang gawad na ito, inaalam ng NJEDA ang bilang ng mga empleyadong FTE batay sa pinakamataas na bilang ng FTE ng entidad sa nakaraang anim na quarter. Upang malaman ang tantiyang laki ng gawad batay sa iyong mga empleyadong FTE, mangyaring bumisita sa Tagatantiya ng Laki ng Gawad sa Yugto 3 ng NJEDA.
   - Kung sa pinakamataas na FTE ay hindi magiging karapat-dapat ang isang negosyo, ang pinakakasalukuyang pag-file ng WR-30, Quarter 1 2020 o Quarter 2020, alinman ang nasa mas kasalukuyan, ang pag-aaralan. Upang malaman ang iyong pagiging karapat-dapat batay sa iyong mga empleyadong FTE, mangyaring bumisita sa Tagatantiya ng Pagiging Karapat-dapat sa Gawad sa Yugto 3 ng NJEDA.
   - Hindi kasama sa mga empleyadong FTE ang sinumang mga 1099 na independiyenteng kontratista.

4. Paano malalaman ang laki ng gawad sa negosyo?
   - Gagamitin ng NJEDA ang pinakamataas na bilang ng mga taong mayroon mula sa nakaraang anim na quarter ng entidad (Q1 2019-Q2 2020) ng nai-file na WR-30 sa NJLWD upang malaman ang bilang ng mga empleyadong Full-Time Equivalent (FTE).
   - Ang kabuuang halaga ng gawad na pagpopondo ay nakabatay sa bilang ng mga empleyadong FTE equivalent.
   - Para sa mga negosyong naiklasipika bilang "Food services at drinking places" (Pagsisilbi ng pagkain at lugar ng inuman") na NAICS code 722:
     - Kung may 5 FTE o mas kaunti pa (kabilang ang mga hindi FTE o 1099 na kontratista lamang): $10,000 gawad
     - Kung 6-25 FTE: $15,000 gawad
     - Kung 26-50 FTE: $20,000 gawad

   - Para sa lahat ng iba pang negosyo:
     - Kung may 5 FTE o mas kaunti pa (kabilang ang mga hindi FTE o 1099 na kontratista lamang): $5,000 gawad
     - Kung 6-25 FTE: $10,000 gawad
     - Kung 26-50 FTE: $15,000 gawad

   - Malalaman ang FTE para sa laki ng gawad sa parehong paraan na gaya ng para sa pagiging karapat-dapat.
   - Ang programa ay may hiwalay na mga paglalaan ng pagpopondo para sa mga restawran, micro-business (negosyong may kaunting empleyado), at iba pang maliliit na negosyo. Ngunit, karapat-dapat lamang ang isang aplikante para sa isang paglalaan ng pagpopondo. Halimbawa: Kung ang isang negosyo ay isang karapat-dapat na Restawran, gaya ng nalaman sa pamamagitan ng NAICS code nito, maaari lamang itong mag-apply para sa paglalaan sa Restawran at hindi sa paglaan sa Micro-business o iba pang maliit na negosyo. Pareho ito sa isang micro-business na sinusubukang mag-apply para sa ibang programa ng maliit na negosyo o ang kabaligtaran.

5. Kailangan bang nakapag-file ang aking negosyo ng 2019 tax return?
   - Hindi inaatasan ang isang aplikanteng makapag-file ng 2019 na pederal o pang-estadong tax return.

6. Kailangan bang nakapag-file ang aking negosyo ng 2018 tax return?
    a. Ang isang aplikante ay dapat nakapag-file ng 2018 na pederal o pang-estadong tax return.

7. Hindi pa rin nakakapag-file ang aking negosyo ng Q3 2020 WR-30 na impormasyon sa NJ Department of Labor and Workforce Development. Posible ba akong maging karapat-dapat?
    - Oo - ang Q2 2020 WR-30 na impormasyon ang itinuturing na pinakakasalukuyang nai-file na WR-30 dahil ang Patiunang Pagpaparehistro ay magbubukas bago Q3 2020 deadline sa pagsusumite ng Q3 2020 WR-30 ng negosyo.
    - Dapat mag-file o nakapag-file ang mga aplikante ng kanilang Q3 2020 WR-30 sa Department of Labor, dahil ang deadline para sa pag-file ng Q3 2020 ay Oktubre 30, 2020.

8. Anong pinansyal na impormasyon ang kailangang mayroon ako upang mag-apply?
    - Dapat masagot ng isang aplikante ang mga sumusunod na katanungan?
        a. Ano ang huling nai-file na tax return ng iyong negosyo (2018 o 2019)?
        b. Ano ang taunang kita ng iyong negosyo para sa 2019 (kung naaangkop)?
        c. Itinuring bang isang essential business (napakahalagang negosyo) ang iyong negosyo ayon sa EO 107 ni Gobernador Murphy?
        d. Nanatili bang bukas ang iyong negosyo, o muli bang nagbukas ang iyong negosyo, sa panahon ng Marso 2020 - kasalukuyan?
        e. Kung muling nagbukas ang iyong negosyo sa panahong ito, sa anong kapasidad (10%, 25%, 50%, 75%, 100%)?

9. Ang aking negosyo ay hindi inaatasang mag-file ng WR-30 (Sole Proprietorship [Iisang May-ari], Partnership [Samahan], Single-Member LLC [Isang Miyembrong LLC], 1099 Contractor [Kontratistang 1099], atbp.). Karapat-dapat ba ang aking negosyo?
    - Kung ang entidad ay nagnenegosyo at nagpapatakbo noong Pebrero 15, 2020, kung ang parehong entidad ay nakarehistro nang ganap at wasto upang magnegosyo sa Estado, at kung natutugunan nito ang lahat ng iniaatas sa pagiging karapat-dapat, ito ay magiging karapat-dapat.
    - Ang isang entidad na walang nai-file na WR-30 ay magiging karapat-dapat para sa pinakamaliit na halaga ng gawad na $5,000. Ang mga entidad na walang nai-file na WR-30 na naiklasipika bilang "Food services at drinking places" na NAICS code 722 ay magiging karapat-dapat para sa pinakamaliit na halagang gawad na $10,000.
10. Ang kumpanya ng payroll o ang Professional Employer Organization (PEO, Organisasyon ng Propesyonal na Taga-empleyo) ng aking negosyo ang nagpa-file ng WR-30 ng aking negosyo; karapat-dapat ba ang aking negosyo?
    - Oo - nauunawaan ng NJEDA na gumagamit ang mga negosyo ng mga PEO o mga kahalintulad na nagapagkaloob ng payroll upang i-file ang kanilang mga WR-30 sa ngalan nila. Sa mga sitwasyong ito, maaaring kailanganin ng mga kumpanya ng payroll o mga PEO na pagkalooban ang NJEDA ng Employee ID (pagkakakilanlan ng empleyado) o pangalan, mga linggong tinrabaho at mga sahod ng empleyado na isinadokumento na kahalintulad ng pormat ng WR-30, na ipina-file nila sa ngalan ng iyong negosyo.
    - Maaaring ipagkaloob ng iyong negosyo ang dokumentasyong ito sa panahon ng proseso ng pagbeberipika.

11. Ang aking negosyo ay isang organisasyong not-for-profit (hindi pangkalakal); karapat-dapat ba ang aking organisasyon?

- Kung ang iyong organisasyon ay nakarehistro sa IRS bilang isang 501(c) non-profit, maaaring maging karapat-dapat ang iyong organisasyon, sa kondisyong natutugunan ng iyong organisasyon ang lahat ng iba pang iniaatas sa pagiging karapat-dapat ng programa.

12. Ang Yugto 1 ng pagpopondo ay nililimitahan ng NAICS code, may mga parehong restriksyon ba ang yugtong ito?
    - Walang iniaatas na pagiging karapat-dapat ang NAICS code para sa yugto ng programang ito, ngunit mayroong iba't ibang laki ng gawad para sa mga negosyong gumagamit ng mga NAICS code na nagsisimula sa 722 “Food services and drinking places” gaya ng ipinapakita sa itaas.

13. Ang aking negosyo ay nakatanggap o tinanggihan ng Gawad sa Yugto 1 o Yugto 2 ng programang ito; maaari ba akong muling mag-apply para sa parehong negosyo sa Yugto 3?
    - Ang mga negosyong naaprubahan o tinanggihan para sa gawad na pagpopondo sa ilalim ng Yugto 1 o Yugto 2 ng Programang Gawad na Tulong Pang-emerhensya sa Maliit na Negosyo, ay maaaring mag-apply para sa pagpopondo ng Yugto 3. Ang pagpopondong natanggap sa mga Yugto 1 o 2 ay hindi babawasan ang mga laki ng gawad na kung saan karapat-dapat ang mga negosyong ito na matanggap sa Yugto 3. Ngunit, ang mga negosyong nag-apply sa Yugto 1 o Yugto 2 ay kailangang magsumite ng ganap na bagong aplikasyon at iniaatas na dokumentasyon, dahil ang mga naunang aplikasyon ay hindi isasaalang-alang.

14. Ang aking negosyo ay may maraming lokasyon sa iba't ibang lugar; maaari ba akong magsumite ng hiwalay na aplikasyon para sa bawat lokasyon?
    - May limit na 1 aplikasyon para sa bawat FEIN. Kung ang iyong negosyo ay may 5 magkakahiwalay na FEIN, ikaw ay magiging karapat-dapat na mag-apply nang 5 beses, ngunit kakailanganin mong mag-apply nang magkakahiwalay para sa bawat negosyo (gamit ang sarili nitong FEIN).
    - Kung ang iyong negosyo ay may 1 FEIN at 5 lokasyon, ang iyong negosyo ay karapat-dapat lamang para sa 1 gawad at maaari lamang mag-apply nang isang beses sa ilalim ng iisang FEIN.

15. Ang aking negosyo ay may 5 lokasyon. Ang lahat ay iniuulat sa 1 FEIN na may 50 empleyadong Full-Time Equivalent (FTE); maaari ko bang italaga ang aking mga empleyado sa iba't ibang lokasyon?
    - Ang lokasyon ng mga empleyado ay hindi nakakaapekto sa pagiging karapat-dapat sa aplikasyon. Samakatuwid, hindi maaaring italaga ng negosyo ang mga empleyado sa iba't ibang lokasyon upang matugunan ang iniaatas ng Programa pagdating sa laki.
    - Gaya ng nakasaad sa itaas, ang aplikasyon ay nakabatay sa FEIN.

16. Ano ang nakabukod na Eligible Opportunity Zone?
    - Tinatayang 33% ng makukuhang pagpopondo ay nakareserba para sa mga negosyong may pangunahing lokasyon ng negosyo sa loob ng 715 na inilaang "Eligible Opportunity Zone" ("Karapat-dapat na Sona ng Oportunidad").
    - Upang malaman kung ang iyong negosyo ay matatagpuan sa isang eligible Opportunity Zone na itinakda sa senso, mangyaring gamitin ang mapping widget.

17. Ang aking negosyo ay may maraming lokasyon sa ilalim ng isang FEIN. Ano ang itinuturing na pangunahing lokasyon ng aking negosyo?
    - Para sa mga layunin ng Programang ito, ang pangunahing lokasyon ng iyong negosyo ay ang address kung saan nagtatrabaho ang karamihan sa iyong mga empleyado. Kung wala sa mga lokasyon ang may pinakamaraming empleyado dahil ang maraming lokasyon ay may parehong bilang, ang

pangunahing lokasyon sa mga iyon ay ang nakakalikom ng pinakamalaking kita. King mayroon pa ring maraming lokasyong tumutugon sa pamantayan, ang pangunahing lokasyon ay ang lokasyong unang binuksan.

18. Nag-apply ang aking negosyo para sa at/o nakatanggap ng mga tulong na pansakuna sa panahon ng COVID-19 mula sa Small Business Administration (Pangasiwaan para sa Maliit na Negosyo), iba pang Lokal na Pagpopondo ng CARES at/o mga nalikom sa seguro. Karapat-dapat ba ang parehong negosyo sa GAWAD?
    - Maaari pa ring maging karapat-dapat sa Gawad ang iyong negosyo. Ngunit, kakailanganing malaman ng NJEDA ang impormasyon tungkol sa lahat ng tulong na iyong inaplayan/natanggap. Kaya, bago mag-apply para sa gawad na ito, inirerekomendang maging pamilyar ka sa mga detalye ng ibang tulong na inaplayan o natanggap mo, dahil hihilingin sa iyong magbigay ng mga detalye tungkol sa anumang tulong na Pansakuna sa Panahon ng COVID-19 na natanggap ng iyong negosyo upang mapagpasyahan ang iyong pagiging karapat-dapat.
    - Hindi maaaring magkaloob ng tulong na pansakuna ang NJEDA para sa parehong layunun na natanggap mo ba sa ibang tulong, dahil ito ay itinuturing na Pagdodoble ng mga Benepisyo sa ilalim ng Pederal na batas, at dahil ang iyong negosyo ay hindi na mangangailangan ng gawad na pagpopondo para sa layuning iyon.
    - Dapat ihanda ng negosyo ang impormasyong ito. Kakailanganin ng lahat ng aplikante na kumpletuhin ang apidabit ng Pagdodoble ng mga Benepisyo na may impormasyon ng iba pang tulong na pansakuna, at kakailanganin ang mga detalye ng kanilang aplikasyon para sa iba pang naturang tulong.
    - Ang awtorisadong tagapirma ay dapat ding patunayan na ang negosyo ay may pangangailangang higit pa sa ibang natanggap na pagpopondo sa panahon ng COVID-19.

19. Ano ang Duplication of Benefit (DOB, Pagdodoble ng Benepisyo)?
    - Nangyayari ang DOB kapag tumatanggap ang isang entidad ng tulong mula sa maraming mapagkukunan para sa parehong pangangailangan. Isang paraan na nangyayari ito ay kung ang naipong halaga ng tulong ay nahihigitan ang mga pangangailangan ng negosyo. Upang mabawasan ang DOB, ibabawas ng NJEDA sa halaga ng Gawad ang halaga ng ibang tulong para sa parehong pangangailangan. Ngunit, kung mas malaki ang pangangailangan kaysa sa tulong, walang DOB.